SESSION 5

## END TIMES SEMINAR

# THE SECOND COMING

BISHOP REY DOMINGO

Bishop REY DOMINGO MINISTRIES

WEBSITE bishopreydomingoministries.org

FACEBOOK • YOUTUBE Bishop Rey Domingo Ministries

Ang ikalawang pagparito ng Panginoong Jesus sa daigdig ay isa sa pinakamahalagang paksa sa buong Banal na Kasulatan. Sa bawat isang hula sa Biblia sa unang pagparito ng Panginoong Jesus ay may katumbas namang walong hula sa Kaniyang ikalawang pagparito sa daigdig.

Kung sa unang pagparito ng Panginoong Jesus ay naparito Siya bilang sanggol, sa ikalawang pagparito naman Niya ay darating Siyang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.

Ang Second Coming ng Panginoong Jesus tulad ng nasabi na natin ay may dalawang yugto:

- PAGPARITO NG PANGINOONG JESUS PARA SA KANIYANG MGA BANAL (CHRIST COMING FOR HIS SAINTS) – ANG TAWAG DITO AY RAPTURE O BLESSED HOPE

- PAGPARITO NG PANGINOONG JESUS KASAMA NG KANIYANG MGA BANAL (CHRIST COMING WITH HIS SAINTS)

Ang unang yugto ng second coming (Rapture) ay atin nang napag-aralan. Ang pagparitong ito ng Panginoong Jesus ay walang makakakita liban sa mga mananampalataya.

Sa pagparitong ito ng Panginoong Jesus ay hindi Siya bababa sa lupa, sa halip ay sasalubungin Niya ang mga mananampalataya sa alapaap. At ang pagparitong ito ng Panginoon ay lubhang mabilis, isang kisap-mata lamang ang tagal. At wala itong anumang babala liban sa isang sigaw, tinig ng arkanghel at trumpeta ng Diyos.

Babangon sa libingan ang lahat na namatay na Kristiano at bibigyan ng isang bagong katawan. Ang mga nabubuhay namang Kristiano ay biglang magkakaroon ng panibagong katawan. At lahat ng Kristiano, patay na binuhay at binigyan ng bagong katawan at buhay na binago ay sabay-sabay na sasalubong sa Panginoong Jesus sa alapaap. Ang buong proseso ay isang kisap-mata lamang kabilis, yan ang unang yugto ng second coming.

Ang ikalawang yugto naman ay mayroong ganitong katangian:

1. ANG IKALAWANG PAGPARITO NG PANGINOONG JESUS AY MAKIKITA NG MGA TAO KAHIT SAANG BANSA NG DAIGDIG SILA NAROROON.

*"Pagkatapos, lilitaw sa langit ang tanda ng Anak ng Tao at mananangis ang lahat ng mga bansa sa daigdig. Makikita nila ang Anak ng Tao na nasa alapaap at dumarating na may dakilang kapangyarihan at kadakilaan."*

**PAHAYAG 16:14,16**

Noong nakaraang humigit kumulang na 50 taon, hindi possible na makita ng mga tao ang pagbaba ng Panginoong Jesus, ngunit ngayon dahilan sa maunlad na teknolohiya ay posible nang makita ng mga tao ang iba't ibang pangyayari sa iba't ibang dako ng daigdig.

*"...habang hinihintay natin ang pinagpalang araw na ating inaasahan. Ito ang araw na mahahayag ang kaluwalhatian ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo,"*

**TITO 2:13**

**PAHAYAG 1:7**

*"Tingnan ninyo, dumarating siyang nasa mga alapaap at makikita siya ng lahat, pati ng mga tumusok sa kanya; tatangis ang lahat ng lipi sa lupa dahil sa kanya. Magkagayon nawa."*

Ang tatlong mga talatang ating binasa ay nagpapatotoo ng katotohanang sa second coming ang lahat ng mga tao ay makakakita sa kanila.

## 2 SA PAGBABA NG PANGINOONG JESUS AY KASAMA NIYANG BABABA ANG SUMUSUNOD:

- Ang mga raptured saints, lahat ng Kristianong dinala sa langit

*"At sa mga ito rin naman si Enoc, na ikapitong salinlahi mula kay Adan, ay nagpahayag na sinasabi, "Narito, dumating ang Panginoon na kasama ang kanyang laksa-laksang mga banal, upang igawad ang hatol sa lahat at upang sumbatan ang bawat kaluluwa sa lahat ng kanilang masamang gawa na kanilang ginawang may kalikuan, at sa lahat ng mga bagay na malupit na sinalita sa kanya ng mga hindi maka-Diyos na makasalanan."*

**JUDAS 1:14-15**

*"... Pagkatapos ang Panginoon kong Diyos ay darating, kasama ang lahat ng mga banal"*

**ZACHARIAS 14:5c**

**1 TESALONICA 3:13**

*"Nang sa gayo'y palalakasin niya ang inyong loob upang kayo'y manatiling banal at walang kapintasan sa harap ng ating Diyos at Ama hanggang sa pagdating ng ating Panginoong Jesus, kasama ang lahat ng kanyang mga hinirang."*

Ang mga talatang ating sinipi ay nagsasabi na ang Kristianong dinala sa itaas sa panahon ng rapture ay kasama naman Niya sa pagbabalik sa daigdig.

- Kasama rin ng Panginoon ang Kaniyang mga anghel.

*"Kayo namang mga nagtitiis ay aaliwin niyang kasama namin kapag ang Panginoong Jesus ay inihayag na mula sa langit kasama ang kanyang mga makapangyarihang anghel,"*

**2 TESALONICA 1:7**

**MATEO 25:31**

*"Sa maluwalhating pagdating ng Anak ng Tao, kasama ang lahat ng anghel, uupo siya sa kanyang trono ng kaluwalhatian."*

**3** SA PAGBABALIK NG PANGINOON AY MAGAGANAP ANG PAMBANSANG PAGKILALA NG MGA HUDYO NA SIYA ANG KANILANG HINIHINTAY NA MESSIAS.

*"Mga kapatid, isang hiwaga ang nais kong malaman ninyo upang hindi maging mataas ang palagay ninyo sa inyong sarili. Ang pagmamatigas ng Israel ay sa isang bahagi lamang hanggang sa mabuo ang takdang bilang ng lahat ng mga Hentil na lalapit sa Diyos. Sa paraang ito, maliligtas ang buong Israel"*

**ROMA 11:25-26**

Ang mga Judio ay naghihintay hanggang sa kasalukuyang panahon ng ipinangako sa Matandang Tipan na Messiah. Hindi nila kinilala ang Panginoong Jesus noong Siya ay unang pumarito, sa kabila ng mga patotoo ng mga talata ng Matandang Tipan na nagpapakita na ang Panginoong Jesus ang kanilang hinihintay na Messiah ngunit sadyang nagmatigas ang puso ng mga lider ng relihiyon ng Judio.

Noong magbangon ang Panginoong Jesus sa libingan ay kanilang sinikap na supilin ang balita sa pamamagitan ng pagsuhol sa mga kawal na nagbabantay sa libingan ng Panginoon na sa kanila ay nagreport ng pagbangon ng Panginoong Jesus sa libingan.

Ang pagbubunsod ng mga puno ng relihiyon ng mga Judio sa mamamayan na isigaw na ang Panginoon ay ipako sa krus noong ang Panginoon ay nililitis sa hukuman ni Pilato, ang kanilang pagsuhol sa mga kawal na nagbabantay sa libingan ng Panginoong Jesus, ang kanilang walang humpay na pag-uusig sa mga alagad at mga mananampalataya noong unang siglo ay naging daan ng pambansang di pagkilala ng buong lahi sa Panginoong Jesus.

At ang pagtanggi naman nila sa Panginoong Jesus ang naging dahilan ng pagpapalayas ng Diyos sa kanila sa kanilang bansa, pagkawasak ng ikalawa nilang templo sa Jerusalem at pangangalat sa iba't ibang bansa ng daigdig sa loob ng may 2,000 taon. Sa awa ng Diyos sa lahing ito, lahi ng Judio ay muli silang ibinalik sa kanilang lupain noong May 14, 1948 bilang katuparan ng mga hula sa Banal na Kasulatan.

Ngayon sa ikalawang pagparito ng Panginoong Jesus sa sandaling makita siya ng mga Judio, bawat isang Judio at kikilalanin na siya nga ang kanilang hinihintay na Messiah. Dahil dito magkakaroon ng pambansang pagkilala ang mga Judio sa Diyos.

## 4 ANG UNANG DAKO NA TUTUNGTUNGAN NG PAA NG PANGINOON AY SA BUNDOK NG OLIVO (MOUNT OF OLIVES).

*"Sa araw na iyon, tatayo si Yahweh sa Bundok ng mga Olibo sa gawing silangan ng Jerusalem. Magkakaroon ng maluwang na libis sa gitna ng bundok, pagkat mahahati ito mula sa silangan hanggang kanluran: ang kalahati ay mapupunta sa hilaga at sa timog naman ang kalahati."*

**ZACHARIAS 14:4**

Tiningnan ng geologist ang ilalim ng bundok ng Olivo at nakitang mayroong malaking "fault" o sira ang ilalim ng bundok. At sinabing ang isang katamtamang lakas ng lindol ay sapat upang ang bundok ay mabiyak. Sa second coming ng Panginoong Jesus ang Kaniyang mga paa ay unang tutungtong sa bundok ng Olivo, magkakaroon ng malakas na lindol kaya't ang bundok ay mahahati.

Kung ang unang yugto ng ikalawang pagparito ng Panginoong Jesus ay walang anumang babala o signs, ang ikalawang yugto naman ng Kaniyang ikalawang pagparito ay maraming mga signs, ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

SIGNS IN THE SKY (MGA PALATANDAAN SA LANGIT)

*"Pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na iyon, magdidilim ang araw, hindi magliliwanag ang buwan, malalaglag mula sa langit ang mga bituin, at mayayanig ang mga kapangyarihan sa kalawakan."*

**MATEO 24:29**

**LUCAS 21:25**

*"Magkakaroon ng mga palatandaan sa araw, sa buwan, at sa mga bituin..."*

Hindi pa katagalan ay nagkaroon ng blood moons (ang buwan ay naging kulay dugo) kakaiba ang naging laki ng buwan.

Ang mga scientist ay nagbababala na ang ating daigdig ay maaaring banggain ng isang malaking meteor na mula sa malayo ay matuling naglalakbay sa direksyon ng daigdig.

SIGNS IN THE EARTH (MGA PALATANDAAN SA LUPA)

*"Makakarinig kayo ng mga labanan at makakabalita ng mga digmaan sa iba't ibang dako. Ngunit huwag kayong mababahala dahil talagang mangyayari ang mga iyon, bagama't hindi pa iyon ang katapusan ng mundo. Maglalaban-laban ang mga bansa at gayundin ang mga kaharian. Magkakaroon ng taggutom at lilindol sa maraming lugar."*

**MATEO 24:6-7**

**MATEO 24:14**

*"Ipapangaral sa buong sanlibutan ang Magandang Balitang ito tungkol sa kaharian ng Diyos upang magsilbing patotoo sa lahat ng mga bansa. At saka darating ang wakas."*

Sa ngayon sa iba't ibang dako ng daigdig ay mainit na ipinangangaral ang ebanghelyo ng pagliligtas ng Panginoong Jesu-Cristo. Ang makabagong teknolohiya ay malaki ang bahaging naitutulong sa direksyon ng pangangaral ng ebanghelyo ng pagliligtas sa parusang impierno at pagpapalaya sa mga inaalipin ng kasalanan.

→ SIGNS ON HUMAN MORALITY
(PALATANDAAN SA MORALIDAD NG MGA TAO)

## 2 TIMOTEO 3:1-5

*“Dapat mong malaman na sa mga huling araw ay darating ang mga panahon ng kaguluhan. Sapagkat ang mga tao'y magiging maibigin sa sarili, maibigin sa salapi, palalo, mapagmataas, mapagsamantala, suwail sa magulang, walang utang na loob at lapastangan sa Diyos. Sila'y magiging walang pagmamahal sa kapwa, walang habag, mapanirang-puri, walang pagpipigil sa sarili, marahas, at walang pagpapahalaga sa mabuti. Sila'y magiging mga taksil, padalus-dalos, mayayabang, maibigin sa kalayawan sa halip na maibigin sa Diyos. Sila'y may anyo ng pagiging maka-Diyos, ngunit hindi naman nakikita ang kapangyarihan nito sa kanilang pamumuhay…”*

Sa atin pong binasang mga talata ay mayroong 20 uri ng mga kasalanan na magiging malayo sa mga tao at sa lipunan bilang palatandaan ng malapit nang ikalawang pagbabalik ng Panginoong Jesus. Kung papansinin natin ang mga uri ng mga kasalanang binanggit sa ating binasa (2 Timoteo 3:1-5) na palatandaan na kung ang moralidad ng lipunan ay katulad na ng sinasabi ng mga talata, ang Panginoong ay babalik na.

Mayroong tatlong uri ng pag-ibig na binabanggit sa mga talata na kataliwas ng description ng pag-ibig ng Diyos na itinuturo sa Banal na Kasulatan, ang tatlong pag-ibig na ito ay ang sumusunod:

> *talata 1-2 “dapat mong malaman na sa mga huling araw… ang mga tao’y magiging maibigin sa sarili…” – ANG UNANG URI NG PAG-IBIG AY ANG PAG-IBIG SA SARILI*

*talata 1-2 "dapat mong malaman na sa mga huling araw... ang mga tao'y magiging maibigin sa salapi" – ANG IKALAWANG URI NG PAG-IBIG AY PAG-IBIG SA SALAPI*

*talata 1 & 4 "dapat mong malaman na sa mga huling araw... ang mga tao'y magiging maibigin sa kalayawan" – ANG IKATLONG URI NG PAG-IBIG AY PAG-IBIG SA KALAYAWAN*

Sa lahat ng kapanahunan ng pagtira ng tao sa daigdig, ang tao ay may kani-kaniyang pilosopiya sa buhay. Kani-kaniyang kinikilala at tinatawag na Diyos at may kani-kaniyang kaparaanan ng pamumuhay o kani-kaniyang "lifestyle."

Ayon sa mga talatang binasa natin, ang una sa listahan ng pag-ibig sa barometer ng moralidad ng tao na nagbabadya na babalik nang muli ang Panginoon Jesus ay malawakan at malalang PAG-IBIG NG TAO SA KANIYANG SARILI.

Ang pilosopiya ng tao na may malalang pag-ibig sa sarili ay "Humanismo" (humanism).

Naging bahagi na ng bagong bukabularyo ng mga Pilipino ang salitang "pasaway." Ito ang tawag natin sa isang batang ayaw sumunod sa utos, o nagdadabog kung hindi makuha ang kanyang gusto. Hindi nakikita ang katuwiran at panig ng magulang at ipinagpipilitan ang kaniyang katuwiran.

Ang mga bata o mga adults na kinakapitan natin ng pang-uring pasaway ay sumusunod sa tuntunin maging alam nila o hindi, sa pilosopiyang humanism. Isa sa motto ng humanism na ginagamit sa ating bansa ay ito "una sa lahat – tao". Ito ang kapayahayagaan ng di matuwirang tuntunin ng tao sa kaniyang buhay sapagkat ang tamang tuntunin sa buhay ay "una sa lahat – Diyos."

Ang ikalawang uri ng pag-ibig na moral barometer pangsukat moral kung ang Panginoong Jesus ay malapit nang bumalik ay ang PAG-IBIG SA SALAPI. Muli nating pansinin ang talata 1 at 2 ng 2 Timoteo 3 "dapat mong malaman na sa mga huling araw… ang mga tao'y magiging maibigin sa salapi."

Kapag malapit nang bumalik o pumaritong muli ang Panginoong Jesus ang dini-diyos ng tao ay salapi. Ang depenisyon ng Diyos sa Banal na Kasulatan ay sinuman o anuman na binibigyan ng tao ng unang pagpapahalaga ay dios niya iyon.

Nito lamang kapanahunan natin, lumitaw ang mga "gun for hire" - mga taong hindi nagbabantulot na pumatay ng kapwa tao dahilan sa kaunting halaga na kabayaran, balewala sa kanila na mayroong mga anak, asawa, mga magulang na habang buhay na magdadalamhati. Ano ang nagbubungsod sa mga "gun for hire" na gawin nila ito? Hindi ba pag-ibig sa salapi?

Sa panahon ng enchanced community quarantine (ECQ) dahilan sa Covid-19 pandemic, ano ang nagbunsod sa ibinabalitang maraming mga pinuno ng bayan na sa kanila ipanaubaya ang pamamahagi ng SAP o ayuda na sa ngayon ay hinihingan ng paliwanag dahilan sa reklamo na hindi natanggap ng mga kinauukulan ang pangakong ayuda ng gobyerno? Ano ang dahilan? Hindi ba pag-ibig sa salapi?

Ang ikatatlong uri ng pag-ibig na moral barometer o pangsukat moral kung ang Panginoong Jesus ay malapit nang bumalik ay ang PAG-IBIG SA KALAYAWAN.

Ganito ang sinabi sa 2 Timoteo 3:1,4 "dapat mong malaman na sa mga huling araw…ang mga tao'y magiging maibigin sa kalayawan."

Bago mag COVID-19, ang isa sa nagbibigay malaking kita sa kabang yaman ng maraming bansa at bumubuhay sa maraming negosyo ay ang turismo. Araw-araw ang mga airports, ang mga pantalan, ang mga terminals ng panlupang sasakyan ay siksikan ang mga taong naglalakbay.

Sa kalipunan ng lubhang maraming manlalakbay ay mga taong nagtutungo sa iba't ibang lugar dahilan sa kalayawan, ang ganitong gawin ay tinawag na "sex tourism."

Marami nang taong nakalipas ay nalathala sa magazine ng isang tanyag na pahayagan ang gawain ng ilang mga mag-asawang kabilang sa tinatawag na alta sociedad. Ang kanilang gawain ng pagsasaya ay ang pagkakaroon ng salo-salo sa isang mansion ng isa sa kanila. Matapos ang kainan ay papapasukin ang kani-kanilang asawang babae sa isa sa mga silid; bawat isang silid ay isang babae. Ang susi ng silid ay hahaluin at pipili ang bawat lalaki ng susi, papasok siya sa silid at sila ang magiging sexual partner sa oras na iyon. Pagkatapos, muling magpipilian ng mga susi ang mga lalaki at gayundin ang mangyayari sa susunod na mga silid na kanilang papasukin. Hindi ba ito pag-ibig sa kalayawan?

> Ilang taon na ang nakararaan ay dumating sa Pilipinas ang isang website na ang pangalan ay "Ashley Madison." Ang website na ito ay hindi pinapasok sa Taiwan at sa South Korea. Noong ito ay dalhin sa Pilipinas ay sinabi noon ng Justice Secretary na walang batas sa Pilipinas na nagbabawal ditto. Ang "Ashley Madison" ay ang website na ang magpalista rito bilang kaanib ay naghahanap ng maruming karanasan ng kanilang sexualidad – hindi ba to patotoo ng pag-ibig sa kalayawan?

Sinabi ng Panginoon na siya ay muling babalik upang hindi mabigla ang sinuman, sa halip ay maging handa sa kaniyang pagparito ay ibinigay sa atin ang mga palatandaan na mangyayari bago siya bumalik:

- Signs in the sky (palatandaan sa langit)
- Signs in the earth (palatandaan sa lupa)
- Signs on human morality (palatandaan sa moralidad ng tao)

## BABALIK NA BA ANG PANGINOON?

## HANDA NA PO BA TAYO?

WATCH HERE (WITH Q&A)

FACEBOOK

YOUTUBE

WEBSITE